**International Journal of Research Studies in Education**
2023 Volume 12 Number 4, 51-61




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Ang podcast bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan

De Guzman, Karen B.
*Philippine Normal University, Philippines*
Liza, Jomil Christian E. ✉
*Philippine Normal University, Philippines (liza.jce@pnu.edu.ph)*
Llanita, Decieh Marie V.
Lucerio, Leona Allyssa B.
Medellin, Piolo L.
Santos, Leverose N.
Gime, Arjohn V.
*Philippine Normal University, Philippines*

**Received**: 15 January 2023 **Revised**: 20 April 2023 **Accepted**: 5 May 2023
**Available Online**: 31 May 2023 **DOI**: 10.5861/ijrse.2023.2006

***Abstract***

Podcasting is one of the most emerging platforms for listening in the new generation of students. This can be used as an instructional material for teaching and learning in various disciplines. It shows in different studies and literature, there is a lack of activities and materials to develop the listening of students. This descriptive study aimed to develop activities using podcasts in honing the listening skills of the 21st century students in a private school in the division in response to the needs of the least mastered competencies of the curriculum. The proposed activity showed that podcasting is proven as a means of developing the listening skills in this educational landscape.

***Keywords:*** podcasting, listening activities, listening comprehension, instructional listening activities, educational landscape

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Ang podcast bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan

## 1. Panimula

Ang pakikinig ay isang mahalagang aspekto sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtalastasan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa limang makrong kasanayang dapat matamo ng mga mag-aaral, mahalaga na unang malinang ang kasanayan sa pakikinig lalo na sa pagbuo ng mga gawaing pampagkatuto para tugunan ang suliranin sa maikling atensyon sa pakikinig at kakulangan ng mga materyales (Bermillo & Aradilla, 2022; Cielo et. al., 2016; Mangahis, 2011). Kaya naman, mahalaga ang patuloy na pagpapaunlad at pagpapayaman sa mga kagamitang magagamit sa pagtuturo ng kasanayan sa pakikinig.

Susi na ginagamit sa pakikinig ang *podcasting* (Hammersley, 2004). Sa prosesong ito, ang *podcast* ay ginagamit bilang isa sa mga lunsaran ng iba't ibang mga *audio* na programa tulad ng interbyu, masining na pagkukuwento, at iba't ibang uri ng talakayan sa iba't ibang paksa. Sa kasalukuyan, maraming tao na ang naglaan ng oras sa pakikinig ng *podcasts*. Sa katunayan, pang-anim ang Pilipinas sa mga bansang may mataas na bilang ng tagapakinig ng *podcast* sa buong mundo (Statista Research Department, 2021). Nagpapatunay ito na hindi maibubukod sa mga Pilipino ang pakikinig sa nasabing plataporma. Bukod sa pagiging libangan ay nakitaan din ang pakikinig ng *podcast* ng potensiyal bilang isang pangunahin o suplemental na kagamitan sa pagtuturo (Walls et. al., 2010; Avila & Lavadia, 2019; Millanes et. al., 2018; Bolivar et. al., 2009). Nagsisilbing panghalili ang podcasting sa kaligirang pang-edukasyon bilang pamalit sa mga tradisyonal na gawain tulad ng lektura, karagdagang kagamitan para mas mapataas pa ang literasi, at susi na panghikayat para sa aktibong pakikilahok sa klase ng mga mag-aaral (McGarr, 2009).

Tulad sa Pilipinas, ang *podcasting* ay hindi na bago subalit ito ay kailangan pa ng mga maraming pananaliksik na magpapatunay sa pagiging epektibo nito bilang isang kagamitang panturo at pampagkatuto, at maging programa sa iba't ibang larangan. Sa Cagayan, Pilipinas, naglunsad ang dibisyon ng programang *Project Podcast Alternative Learning Modality* o *Project PALM* (Perez, 2021) kung saan ay may tunguhin na palakasin ang pakikinig bilang suplementong gawain sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin ang mga graduwadong mag-aaral sa Pamantasang Normal ng Pilipinas ay patuloy na naglulunsad ng mga programa, bumubuo ng mga gawaing pakikinig gamit ang *podcast* na bilang kagamitang pampagkatuto at ambag sa edukasyong pangguro.

Sa pag-aaral na ito ay nilalalayon na makabuo ng mungkahing gawain gamit ang podcast sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa asignaturang Filipino sa ikaanim na baitang sa isang pribadong paaralan. Bukod pa rito, tatangkain din ng pag-aaral na ito na: a) matukoy ang mga napag-iiwanan o hindi gaanong nalilinang na kompetensi sa kasanayan ng pakikinig sa kurikulum ng Filipino; b) makapagdisenyo ng mungkahing gawain sa pakikinig gamit ang *podcast; c)* mailapat at mataya ang mga gawain gamit ang podcast sa paglinang sa pakikinig. Malaki ang gampanin ng pag-aaral na ito bilang ambag sa pagdebelop ng mga pag-aaral sa pakikinig at iba pang makrong kasanayan sa isang kontektuwalisadong kaligiran.

## 2. Metodolohiya

Isang disenyong deskriptibo–debelopmental ang ginamit sa pag-araal upang mailarawan ang kaligiran sa proseso sa pagbuo ng isang mungkahing gawain gamit ang *podcast* bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan sa isang dibisyon sa Pambansang Punong Rehiyon. Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa pagbuo ng mungkahing gawain sa pakikinig gamit ang *podcast* at naitaya ang kabisaan sa pamamagitan ng pakitang-turo sa dalawampu't limang (25) mag-aaral sa ikaanim na baitang kasama ang guro sa Filipino kalakip ang inihandang talatanungan na dumaan sa masusing balidasyon gamit ang purposive sampling.

**Talahanayan 1**

*Kabuoang Bilang ng mga Kalahok sa Pag-aaral*

| Mga Kalahok | Gampanin | Bilang |
|---|---|---|
| Mag-aaral ng ikaanim na baitang | Magsisilbing mga kalahok ng pakitang-turo ng mungkahing gawain | 25 |
| Mga guro sa Filipino | Magsisilbing mga tagamasid sa isasagawang pakitang-turo sa klase | 5 |

Pinili ang mga kalahok dahil dito hinalaw ng mga mananaliksik ang mga hindi pa nalilinang na mga kasanayan sa pakikinig, at tinaguriang mga nasa eksperto ang guro na may kakayahang tumaya ng gawaing nabuo ng mga mananaliksik. Ang paaralan at mga napiling kasangkot sa pag-aaral ay binigyan ng papel pahintulot alinsunod sa Philippine Data Privacy Act of 2012 bago ang aktuwal na paglahok sa pag-aaral. Siniguro rin na ang mga impormasyong makakalap ay pananatilihing kumpidensyal sa pagitan ng kalahok at ng mga mananaliksik. Tanging ang mahahalagang impormasyon lamang na nakalap na may kaugnayan sa layunin ang ilalagay sa pag-aaral. Ang mga tala at dokumento na nakalap ay sisiguruhing itatago at hindi ibabahagi kaninoman.

Paunang tinukoy ng mga mananaliksik sa pag-aaral ang pagsipat sa mga kompetensi na kinakailangan pang linangin sa pakikinig. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga kompetensi sa pag-unawa sa napakinggan sa ikaanim na baitang at hinanap ito sa Batayang Pangkurikulum sa Filipino ng K-12. Pagkatapos ay pumili ng mga umiiral na *podcast* sa sirkulasyon ng isang kilalang application na karaniwang ginagamit ng mga kabataan sa pakikinig sa musika at *audio podcasts*. Pumili ang mga mananaliksik ng episodyo o *episode* na angkop na iparinig sa mga mag-aaral at nakabatay sa kasanayang lilinangin at paksang bibigyang-tuon bilang isang aralin sa gawaing pagtuturo. Napili ng mga mananaliksik ang *episode* na *Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo* mula sa *podcast* na Sandaang Salaysay ng Tanghalang Arete at Ateneo de Manila Basic Education (2021). Pinakinggan at sinuri ang napiling *podcast episode* kung nakaangkla ito sa mga natukoy na *least mastered competencies*. Mula rito ay bumuo ng mga mungkahing gawain sa disenyong ginagamit ng isang pamantasan sa edukasyong pangguro sa pagdebelop ng mga banghay-araling pampagkatuto. Matapos na mabuo ang mga gawain ay tinaya ito ng mga eksperto upang maipakita ang kabisaan nito. Inilapat ang planong gawain sa pakitang-turo ng mga mananaliksik para makita ang ganap na kabisaan ng pag-aaaral sa pakikinig. Tinaya rin ang pakitang turo batay sa kabisaan nito gamit ang inihandang *evaluation checklist* sa mga guro sa pribadong paaralan at sa mga mag-aaral. Kinuha ang *mean score* sa bawat katangian na nasa ebalwasyon na may sumusunod na interpretasyon:

**Talahanayan 2**

*Likert Scale ng Gabay sa Interpretasyon sa Antas ng Kaalaman/Kasanayan sa mga Kompetensi*

| Mean | Interpretasyon |
|---|---|
| 3.26-4.00 | May Lubos na Kasanayan |
| 2.51-3.25 | May Sapat na Kasanayan |
| 1.76-2.50 | May Kaunting Natamong Kasanayan |
| 1.00-1.75 | Walang Natamong Kasanayan |

## 3. Resulta at Talakayan

Sa bahaging ito ay mababasa ang presentasyon, pagsusuri, at interpretasyon ng mga nakalap na datos mula sa mga ebalwasyong ipinasagot sa mga mag-aaral ng ikaanim na baitang at mga guro sa Filipino sa nabuong mungkahing gawain upang mataya ang kabisaan nito.

*3.1 Pag-iisa-isa ng mga kasanayang hindi pa nalilinang sa pakikinig*

Mula sa pagtitiyak ng mga *least mastered skills*, nailista sa pag-aaral ang mga kompetensi na dapat nalilinang sa pakikinig. Napag-alaman ng mga mananaliksik na may anim na kompetensi na hindi nabibigyang-tuon sa pagtuturo at pagkatuto sa tinarget na dibisyon. Nagkaroon ng *unpacking* mula sa listahan para sa mga madedebelop na mga kompetensi na akma sa mga binuong gawain sa pakikinig gamit ang *podcasting.*

**Talahanayan 3**

*Listahan ng mga Kompetensi sa Filipino sa Ikaanim na Baitang na Hindi Gaanong Nalilinang*

| Filipino 6 - Kompetensi Sa Pagkatuto | |
|---|---|
| Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong nabasa | F6PN-IIIe-19 |
| Nakapagbibigay ng sariling solusyon sa isang suliraning naobserbahan | F6PS-Ig-9 |
| Nagagamit ang pariralang pang-abay sa paglalarawan ng paraan, panahon, lugar ng kilos at damdamin | F6WG-IIIa-c-6 |
| Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar na salita sa pamamagitan ng pormal na depinisyon | F6PT-IIIh-1.10 |
| Nakagagawa ng dayagram ng ugnayang sanhi at bunga ng mga pangyayari/ problema-solusyon | F6PN-IVf-10 |
| Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa kuwentong binasa | F6PN-Id-e12 |
| Nasasagot ang mga tanong tungkol sa nabasang kuwento | F6PN-Ia-g-3.1 |

Makikita na ang mga kompetensi na ito ay may malalaking tipak ng mga kasanayan. Ginawa ng mga mananaliksik ang pinagsamang mga kompetensi para mas matiyak ang pagpapalakas ng mga target na kompetensi na dapat matamo ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang. Ang karaniwang ginagawa sa mga *least mastered skills* na ito sa dibisyon ay inilalagay nila ito sa gawaing pagbasa bilang modipikasyon upang matugunan ang nasabing kahinaan subalit sa pag-aaral na ito, binigyang halaga ang pakikinig bilang hiwalay na kasanayan na dapat ay nalilinang dahil na rin sa katangian nito na wala sa pagbasa. Ang pagpapalakas ng kasanayang pakikinig sa mga mag-aaral ay nagdadala ng paunang komprehensiyon at katatasang pangwika bilang pundasyon sa iba pang mga makrong kasanayan. Mula rito, nabuo ang pinag-ugnay o *intensified competencies* para sa gawaing pakikinig gamit ang *podcasting.*

**Talahanayan 4**

*Mga Kompetensi na Ginamit sa Pagbuo ng Mungkahing Gawain*

| Filipino 6 - Kompetensi Sa Pagkatuto | |
|---|---|
| Naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan | F6WG-Ie-g3 |
| Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa alamat na napakinggan | F6PN-Id-e12 |
| Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan | F6PN-IIIe-19 |

Ang tatlong pinaigting na komeptensi na magkakaugnay dahil sa pagbibigay pokus nito sa kasanayan ng pakikinig ay siyang naging batayan upang bumuo ng mga tiyak na layunin. Mula rito ay nakabuo ang mga mananaliksik ng mga mungkahing gawain na lilinang sa pakikinig ng mga mag-aaral sa ikaanim na baitang mula sa isang pribadong paaralan.

*3.2 Pagdisenyo at paglalapat ng mungkahing gawain*

***MapaKahulugan***




Mula sa tatlong kompetensi na hindi gaanong nalilinang na inilista ng mga mananaliksik ay nakabuo ng mungkahing gawain na tinawag na *Podkaskwelahan* na naglalaman ng tatlong gawain sa pakikinig. Una na rito ang gawaing *MapaKahulugan* na naglalayong bigyan ng paunang kaalaman ang mga mag-aaral tungkol sa tampok na alamat na "Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo" sa pamamagitan ng paglinang ng talasalitaan.

Nakita sa gawaing ito na mayorya sa mga mag-aaral ay may ideya o paunang kaalaman na sa mga salitang ginamit sa alamat. Nilinang sa gawaing ito ang *least mastered competency* na *naibibigay ang kahulugan ng pamilyar at di kilalang salita sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan (*F6WG-Ie-g3) na makikita sa isang bahagi ng banghay-aralin.

**MAPA-KAHULUGAN**

I. Pagpapakita ng isang mapa kung saan sa bawat parte ay may mga numerong nakalagay na kalakip ang mga pangungusap at salitang hindi pamilyar sa mga mag-aaral na kinuha sa alamat na kanilang papakinggan. Magtatawag ng ilang mag-aaral upang mamili ng numerong nais sagutin..

II. Pagpapabasa sa mag-aaral ng pangungusap na kaniyang napili. Pagkatapos ay bibigyan kahulugan nito ang salitang naka-*highlight* sa pamamagitan ng sitwasyong pinaggamitan.

1. Mabilis at **peligroso** ang daloy ng tubig kaya nahihirapan ang mga bangkang nais dumaong dito.
   **Bahagi ng Pananalita:** Pang-uri
   **Kahulugan:** Mapanganib


2. Isang gabing tahimik, may lumulusob na mga mabagsik na **pirata**!
   **Bahagi ng Pananalita:** Pangngalan
   **Kahulugan:** Mandarambong sa dagat

3. Ngunit hindi kayang pantayan ng mga taumbayan ang matutulin na **vinta** ng mga pirata.
   **Bahagi ng Pananalita:**
   **Kahulugan:** Isang tradisyunal na bangka

4. Humigpit ang hawak ng kanilang mga **kayumanggi** kamay sa mga bagong hasa nilang sibat.
   **Bahagi ng Pananalita:** Pang-uri
   **Kahulugan:** Tumutukoy sa karaniwang kulay ng Pilipino

5. Matapang na lumaban ang mga kalalakihan at kababaihan sa mga **manlulupig**, pero kahit anong sikap nila, wala talaga silang pag-asang manalo.
   **Bahagi ng Pananalita:** Pangngalan
   **Kahulugan:** Ang nang-aapi o nagpapasuko; ang lumulusob, ang umaatake, manggagahis.

***Bingo-dcast***



Sa pangalawang bahagi ng mungkahing gawain ay ginamit ang *Bingo-dcast* o pinagsamang larong "bingo" at "podcast" sa pagtalakay ng alamat. Tunguhin nito na makapagbigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga susunod na pangyayari sa tampok na alamat sa pamamagitan ng paglaro ng Bingo. Upang maisakatuparan ang gawaing ito, ipinakinig sa mga mag-aaral ang napiling *podcast episode* na "Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo". Nagkaroon ng pansamantalang pagtitgil sa gitnang bahagi ng pakikinig (4:23) upang bigyang daan ang gawain.

Makikita na sa bawat kahon ng *bingo card* ay may nakatalang mga pangyayari na nagmula sa tampok na alamat. Nagsilbi itong gabay ng mga mag-aaral sa isinagawang pagtatantos. Gaya ng tradisyonal na larong *Bingo*, kailangang makabuo ng mga mag-aaral ng isang *pattern*. Dapat nilang mahulaan ang inihandang *pattern* ng guro ngunit upang malaman ito, kailangang maging matalino ang mga mag-aaral sa pagbibigay-hinuha sa mga susunod na pangyayari kung saan natigil ang pinakikinggang *podcast*. Nilinang sa gawaing ito ang *least mastered competency* na *nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa alamat na napakinggan (*F6PN-Id-e12) na makikita sa ibaba.


**MUNGKAHING GAWAIN**

**BINGO-DKAST**

I. Pagpapakinig sa mga mag-aaral ng unang bahagi ng alamat mula sa podcast. Pansamantala munang ititigil ng guro ang pagpapakinig upang ibigay sa mga mag-aaral ang Bingo-dkast card na naglalaman ng mga pahayag tungkol sa alamat na kanilang pinapakinggan.

II. Pagpapasagot sa mga mag-aaral ng Bingo-dkast card, kanilang tatantusan ang sa tingin nila ay mga pangyayari/mangyayari sa alamat na pinapakinggan. Pagkatapos sumagot ng mga mag-aaral ay muling itutuloy ng guro ang pagpaparinig sa alamat upang malaman kung tama o mali ang kanilang tinantusan.

III. Pagkatapos mapakinggan ang podcast ay ipapaliwanag ng mga mag-aaral ang nabuong *pattern* at tatanungin tungkol sa kanilang naramdaman matapos nilang malaman na tama/mali ang naging tantos at kung paano sila naghinuha sa kalalabasan ng alamat.




Ang ikatlong bahagi naman ng *Podkaskwelahan* na nabuo ng mga mananaliksik ay ang KahoLagom. Ito ay nagmula sa pinagsamang mga salita na "kahon" at "lagom". Layunin nito na matukoy ang mga elemento ng kuwento mula sa napakinggang tampok na alamat na "Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo" at mula rito ay makagawa ang mga mag-aaral ng buod mula sa alamat na kanilang napakinggan.

Makikita na may limang kahon sa sagutang papel na nakalagay ang tauhan, layunin, problema, resolusyon, at buod. Pinunan ito ng mga mag-aaral ayon sa kanilang mga natutuhan sa naunang gawain. Nilinang sa gawaing ito ang *least mastered competency* na *nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan (*F6PN-IIIe-19) na pinapatunayan sa bahagi ng planong gawain.

**KAHOLAGOM**
*(Konseptong Pinaikli, Tatatak na Kaalaman ang Mithi)*

I. Ang KAHOLAGOM ay dalawang pinagsamang salita na kahon at lagom kung saan isang gawain sa pagbubuod ng akdang nabasa, napanood, o napakinggan ng mga mag-aaral.
II. Matapos ang pakikinig at pagtalakay ng guro sa tampok na panitikan sa podcast ay ipapaskil ng guro sa kaniyang PPT ang pormat ng gawaing KAHOLAGOM na kanilang susundin sa pagsulat ng buod ng kuwentong "PULO NG DIGMAAN: Alamat ng Pulo Apo".
III. Isusulat ng mga mag-aaral sa loob ng kahon ang mga impormasyon o detalyeng hinihingi nito batay sa kanilang napakinggan. Matapos nito, bubuo sila ng isang buod na hindi bababa sa apat hanggang anim (4-6) na pangungusap, na batay sa kanilang mga sagot sa apat na kahon at isusulat ito sa espasyong nakalaan sa ibaba ng sagutang papel.

**Gabay na Tanong:**
- **Tauhan:** Sino ang mga tauhan sa napakinggang akda?
- **Layunin:** Ano ang nais o gustong gawin ng pangunahing tauhan?
- **Problema:** Ano ang kinaharap na problema ng tauhan na naging hadlang sa pagkamit niya ng kaniyang nais?
- **Resolusyon:** Paano kinaharap ng tauhan ang problemang ito?

*3.3 Pagtataya sa mga mungkahing gawain sa pakikinig gamit ang podcasting*

**Talahanayan 5**

*Ebalwasyon ng mungkahing gawain sa pakikinig*

| Mga Katangian | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Angkop ang naging disenyo ng mungkahing gawain sa *podcast episode*. | 4.20 | May lubos na kasanayan |
| 2. Nakabatay sa pangangailangan ng kurikulum ang mungkahing gawain. | 3.80 | May sapat na kasanayan |
| 3. Lapat ang napiling podcast episode sa mga layunin/kompetensi na nasa mungkahing gawain. | 4.00 | May lubos na kasanayan |
| 4. Tinutugunan ng *podcast episode* ang pangangailangan ng mga kagamitang panturo sa pakikinig. | 3.60 | May sapat na kasanayan |
| 5. Madaling makasunod sa idinisenyong mungkahing gawain gamit ang *podcast episode*. | 3.00 | May sapat na kasanayan |
| 6. May sapat na alokasyon ng oras para sa idinisenyong mungkahing gawain. | 3.20 | May sapat na kasanayan |
| 7. Tiyak na magiging kapaki-pakinabang ang mungkahing gawain gamit ang *podcast episode* sa mga guro't mag-aaral. | 3.20 | May sapat na kasanayan |
| Kabuoang Mean | 3.57 | May lubos na kasanayan |

Matutunghayan sa talahanayan na binbubuo ng pitong (7) katangian na pinagbatayan sa pagtataya ng gawain sa pakikinig para sa ikaanim na baitang. Karaniwang nilalaman nito ay ang tungkol sa disenyo ng gawain, pagtugon sa pangangailangang kurikulum, paglalapat ng episodyo at pagsasagawa nito sa loob ng klase. Batay sa isinagawang pagtataya, umabot sa *3.57* ang *kabuoang mean* na may interpretasyon na nagpapakita na may lubos na kasanayan ang naipakita ng mungkahing gawain sa pakikinig gamit ang *podcast* para sa mga guro.

Kung titingnan ang talahanayan, lumalabas na ang katangian na *"Angkop ang naging disenyo ng mungkahing gawain sa podcast episode"*, ang may pinakamataas na *mean* na may *4.20*. Ipinapakita lamang ito na nagtataglay ang mungkahing gawain ng kaangkupan sa disenyo para sa mga tagasuring guro. Pinapatunayan ito ng komento ng mga gurong tagasuri, *"Ang paggamit ng podcast ay isang makabagong pamamaraan gamit ang teknolohiya upang maipabatid sa mga tagapakinig ang mensahe…" at "Maganda ang daloy ng leksyon at angkop ang mga gawain"*. Makikita na naging mabisa ang pagbuo ng mungkahing gawain bilang makabagong pamamaraan na sumasaklaw sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ng kurikulum. Subalit, lumalabas din na

ang katangian na, "*Madaling makasunod sa idinisenyong mungkahing gawain gamit ang podcast episode*" ang may pinakamababang *mean score na 3.00*. Nangangahulugan ito na sa lahat ng katangiang nasa talahanayan, ito ang nakita ng mga guro na katangian na bahagyang nalinang sa mga mag-aaral. Makikita ang naging implikasyon nito sa komento ng isa sa mga naging gurong tagasuri, "*Mahusay ang ginawang KahoLagom ngunit kulang sa oras na inilaan upang ito ay mabuo ng isang mag-aaral…*" Sa bahaging ito, makikita na nang magsagawa ng pakitang-turo, inaasahan na mas mahabang oras pa ang dapat mailaaan dito na naging dahilan upang magkaroon ng modipikasyon sa bahagi ng mungkahing gawain. Nagkaroon din ng tugon ang mga gurong tagapagtaya na, "*Mahalaga na ipaunawa pa rin nang maigi ang kabuuan ng kwento upang mas mapadali sa kanila ang pagbuo ng lagom o buod*". Sa bahaging ito, nagkaroon ng pagsasagawa ng mga modipikasyon din ang mga mananaliksik sa pamamagitan ng pagdaragdag ng oras sa pagtutuon sa pagsasaproseso ng kuwento gamit ang mga gabay na tanong. Hinayaan ng mga mananaliksik na matiyak nang mabuti ang komprehensyon sa napakinggan sa pamamagitan ng hindi pagbitiw sa kabuoan ng aralin sa tinalakay na paksa.

Samakatuwid, lumabas sa pag-aaral na ito na natugunan ng mga mananaliksik ang mga mungkahi sa pagtataya para sa mas mabisang paglinang ng kasanayan sa pakikinig sa mga mungkahing gawain. Ipinapakita na naging angkop ang nabuong mungkahing gawain batay sa disenyo nito na pinapatunayan ni Goldman (2018) na ang matagumpay na implementasyon ng mga gawaing may kinalaman sa *podcast* ay nakadepende sa kung gaano kahusay ang mga guro at mag-aaral sa paglalapat at pagsasama nito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Makikitaan na may malaking potensiyal ang *podcast* bilang isang kagamitang panturo na maaaring gamitin ng mga guro sa mga mag-aaral. (Fernandez et. al., 2009)

### *3.4 Pagsubok ng nilikhang mungkahing gawain sa mag-aaral*

Dalawang datos ang tinignan ng mga mananaliksik upang mataya ang pagsubok ng nilikhang mungkahing gawain sa mga mag-aaral: ang iskor ng mga mag-aaral sa Bingo-dcast at KahoLagom at ang ebalwasyon ng mga mag-aaral sa kabuoang mungkahing gawain. Nagkaroon ng selektibong organisasyon ng mga iskor upang mabigyang-pansin ang pag-unlad ng dalawang iskor mula sa ikalawang gawain tungo sa pagtatapos ng mungkahing gawain.

**Talahanayan 6**

*Tala ng mga Piling Iskor ng mga Mag-aaral sa Bingo-dcast at KahoLagom*

| Mag-Aaral | Bingo-Dcast | Kaholagom |
|---|---|---|
| Mag-aaral 1 | 1 | 8 |
| Mag-aaral 14 | 1 | 8 |
| Mag-aaral 21 | 1 | 8 |

Makikita sa Talahanayan 5 ang mga nakuhang iskor ng mga piling mag-aaral sa mga gawaing Bingo-dcast (4 puntos) at KahoLagom (10 puntos). Hindi isinama ng mga mananaliksik ang mga resulta sa MapaKahulugan dahil ito ay oral na sinagot ng mga mag-aaral at ito ay nakalayong linangin ang talasalitaan na siyang panimula sa gawain. Mula sa naging resulta sa ikalawang kolum, mayorya ang hindi nakakuha ng mataas na marka. Ang ilan sa mga dahilang nakaapekto rito ay: *(1) nagkaroon ng teknikal na problema sa kagamitang ginamit sa pagpapakinig ng podcast*. Karamihan sa mga kalahok ang nagbigay ng komento sa bahagi ng ebalwasyon na hindi sumapat ang lakas at linaw na ginamit sa pagpapakinig ng *podcast*. (2) A*ng pokus ng gawaing ito ay paglinang ng paghihinuha sa alamat na napakinggan ngunit dahil naghihinuha lamang ang mga mag-aaral ay hindi sigurado na magiging tama ang kanilang hinuha*. Samakatuwid, may iilang limitasyon ang dapat na maikonsidera kung bakit naging mababa ang naging marka ng mga kahalok sa gawaing ito.

Sa kabilang banda, nagkaroon ng malaking pag-unlad sa iskor ng mga mag-aaral sa gawaing KahoLagom. Nangangahulugan lamang ito na matapos mapakinggan nang buo ang *podcast episode* ay matagumpay na

nakabuo ng buod ng alamat ang mga mag-aaral. Patunay rin ito na nagkaroon ng pagtaas ng mga iskor ng mga mag-aaral mula sa gawaing Bingo-dcast patungo sa gawaing KahoLagom.

**Talahanayan 7**

*Interpretasyon ng Ebalwasyon ng Mungkahing Gawaing Sinagutan ng mga Mag-aaral sa Ikaanim na Baitang*

| Mga Katangian | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. Nasiyahan ako sa naging daloy ng klase. | 4.44 | May lubos na kasanayan |
| 2. Naging interesado ako sa nilalaman ng *podcast episode.* | 4.2 | May lubos na kasanayan |
| 3. Madali kong naunawaan ang nilalaman ng *podcast episode.* | 3.68 | May lubos na kasanayan |
| 4. Nakuha ng nilalaman ng *podcast episode* ang aking atensiyon sa pakikinig. | 4.48 | May lubos na kasanayan |
| 5. Madali kong natunton ang mensahe ng nilalaman ng *podcast episode*. | 3.92 | May lubos na kasanayan |
| 6. Madali kong naunawaan ang gawain matapos pakinggan ang *podcast episode*. | 3.88 | May lubos na kasanayan |
| 7. Nakatulong sa akin ang mga gawain upang mas maunawaan ang nilalaman ng *podcast episode*. | 4.28 | May lubos na kasanayan |
| 8. Nakatulong sa akin ang pakikinig ng *podcast episode* sa pagkatuto ng aralin. | 4.56 | May lubos na kasanayan |
| Kabuoang Mean | 4.18 | May lubos na kasanayan |

Makikita na umabot sa 4.18 ang kabuoang *mean* na naitala sa ebalwasyon mula sa mga mag-aaral na may interpretasyon na may lubos na kasanayan ang naipakita ng mungkahing gawain sa pakikinig gamit ang *podcast* para sa mga mag-aaral.

Kung titignan ang bawat katangian sa ebalwasyon mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas, lumalabas na ang katangian na *"Nakatulong sa akin ang pakikinig ng podcast episode sa pagkatuto ng aralin"* ang may pinakamataas na *mean* na *4.56*. Nangangahulugan lamang ito na naging mabisang kagamitan ang pakikinig ng *podcast episode* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa aralin. Pinapatunayan ito ng komento ng dalawa sa mga mag-aaral, "*Maganda po ang podcast at may natutunan ako sa podcast na ito",* at *"Maganda ang kanilang pagtalakay at marami akong natutunan"*. Ipinapakita sa mga tugon na sa hanay ng mga mag-aaral, ang pagkatuto ay naganap para malinang ang kasanayan sa target na least mastered skills.

Sa kabilang banda, lumalabas naman na ang katangian na "*Madali kong naunawaan ang nilalaman ng podcast episode"* ang may pinakamababang *mean na 3.68*. Ngunit, gayunpaman, ang numerong nasukat sa katangiang ito ay nangangahulugan pa rin na may lubos na kasanayan. Patunay ito na nagkaroon ng debelopment ang mga mag-aaral sa kasanayan ng pakikinig kung ibabatay sa alin man sa katangian na nasa *evaluation checklist*. Samakatuwid, nakatulong ang pakikinig ng *podcast episode* sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa aralin (Millanes et. al., 2017; Avila & Lavadia, 2019) na naging mabisa at katanggap-tanggap ang *podcast* sa pagkatuto ng mga mag-aaral matapos nila itong pakinggan. Pinatutunayan nito ang kabisaan ng *podcast* bilang isang kagamitan na naghahasa ng pag-unawa sa napakinggan at nagtataguyod ng positibong pananaw ng mga mag-aaral (Lopera, 2018).

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

Ang pag-aaral na ito ay nilayon na gamitin ang *podcast* bilang lunsaran sa paglinang ng kasanayang pakikinig sa pribadong paaralan sa pamamagitan ng pagbuo ng mungkahing gawain sa Filipino sa ikaanim na

baitang. Matapos ang masusing pagsusuri sa mga datos na nakalap, naitatag ng mga mananaliksik ang apat na resulta ng pag-aaral. (1) Tatlong *least mastered competencies* mula sa ikaanim na baitang ang natukoy, na-*unpack* at pinaigting para mas matugunan ng pag-aaral ang kasanayan sa pakikinig sa maikling panahon. (2) Nakapagdisenyo ng mga mungkahing gawain tulad ng MapaKahulugan, Bingo-dcast, at KahoLagom na nilinang nang lubos ang mga kasanayan sa pakikinig batay sa pagdisenyo ng mga mananaliksik gayundin sa naging kinalabasan ng pagsasagawa nito sa pakitang-turo mula sa tugon ng mga mag-aaral. Ipinakikita na ang mga mungkahing gawain ay isa sa mga tugon para malunasan ang mga suliranin sa kasanayang pakikinig sa mga mag-aaral at nag-aambag sa kasalukuyang pangangailangan ng kurikulum ng bansa hinggil sa nabanggit na makrong kasanayan.

Iminumungkahi na magsilbing batayan ang mungkahing gawain para masusugan pa na bumuo ng mga kagamitang panturo na gumagamit ng *podcasting* sa paglinang ng mga kasanayan sa pakikinig. Bigyang-tuon din ito ang mga tampok na teksto/babasahin sa klase, mga gawaing pagganyak, at paglalakip ng mga kagamitang teknolohikal na akma sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Hinihiyakat din sa pag-aaral na ito na magkaroon ng mas maraming katulad na gawaing pakikinig sa mga *website* na magsisilbing sirkulasyon sa Filipino para mas mapakinabangan sa buong bansa.

## 5. Sanggunian


Arete Ateneo & Ateneo de Manila Basic Education. (2021, February). *Pulo ng Digmaan: Ang Alamat ng Pulo Apo* [Audio podcast]. Spotify. Retrieved from https://open.spotify.com/episode/3pevf5raCpsERqrtq8cdSw

Avila, E. C., & Lavadia, M. K. S. (2019). Investigation of the acceptability and effectiveness of academic podcasts to college students' scholastic performance in science. *Indian Journal of Science and Technology, 12*(34), 1-8.

Bermillo, J., & Aradilla, F. J. (2022). Developing students' listening comprehension and metacognitive awareness through metacognitive process-based listening instruction. *Journal of English Language Teaching and Applied Linguistics, 4*(1), 84-93.

Bolivar, R. B., Sayco, R., Brown, C., Borski, R. J., & Jiamacello, K. Internet-based podcasting: Extension modules for farming tilapia in the Philippines.

Cielo, K., Braganza, F., De Guzman, A., Gonzaga, R., King, E., & Llamasares, L. (2016). A conjoint analysis of the listening activity preferences of a select group of Grade 7 and 8 students from Philippine provincial schools. *International Journal of Education and Research*, 4(7). https://www.ijern.com/journal/2016/July-2016/37.pdf

De Jesus, M. C. (2021). Mungkahing planong pagsasanay para sa mga mobile teacher ng Filipino sa Alternative Learning System (ALS). Hindi Nailimbag na Tesis: Pamantasang Normal ng Pilipinas.

Department of Education. (2016). *K to 12 Gabay Pangkurikulum sa Filipino*. Department of Education. Retrieved from https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Department of Education-Cordillera Administrative Region. (2021, April 7). *Adoption of strategies and processes in curriculum and learning management as a result of the Regional Assessment Test (RAT).* Retrieved from https://depedcar.ph/regional-memoranda/rm-no-144-s-2021

Fernandez, V., Simo, P., & Sallan, J. M. (2009). Podcasting: A new technological tool to facilitate good practice in higher education. *Computers & education, 53*(2), 385-392.

Goldman, T. (2018). The impact of podcasts in education. Advanced Writing: Pop Culture Intersections. 29. https://scholarcommons.scu.edu/engl_176/29

Hammersley, B. (2004, February 12). *Audible revolution.* The Guardian. Retrieved from https://www.theguardian.com/media/2004/feb/12/broadcasting.digitalmedia

Lopera, D. E. (2018). Development of foreign language listening comprehension through metacognitive strategies and podcasts. *Research in R Action, 7.*

Mangahis, J. C. (2011). Ang makrong-kasanayan sa Filipinolohiya = The macro-skills in Filipinology. *MALAY,*

*23(2)*. http://ejournals.ph/form/cite.php?id=7993

McGarr, O. (2009). A review of podcasting in higher education: Its influence on the traditional lecture. *Australasian Journal of Educational Technology*, *25*(3). https://doi.org/10.14742/ajet.1

Millanes, M. A. A. (2018). Development and evaluation of physics podcasts as instructional materials for grade 9 High school students.

Millanes, M. A. A., Paderna, E. E. S., & Que, E. N. (2018). Effects of utilizing Physics podcasts on the ICT literacy skills of Grade 9 junior high school students. *Alipato: A Journal of Basic Education*, *9*.

PNU-Maynila Master sa Sining sa Edukasyong Pangwika sa Filipino. (2022). *Gurong Patalk!* [Audio podcast]. Spotify. Retrieved from https://open.spotify.com/show/1eicb5Ta1asl8vpUgukeQN

Perez, A. (2021, September 7). *Cagayan teachers use podcasts for distance learning.* ABS-CBN News. Retrieved from https://news.abs-cbn.com/news/09/07/21/cagayan-teachers-use-podcasts-for-distance-learning